# Alamin ang Iyong mga Karapatan

## Sekswal na Panghaharas, Pag-atake, at Pang-aabuso sa Paaralan

Napakakaraniwan pa rin ang sekswal na panghaharas sa mga paaralan, at marami sa mga kaso nito ang hindi naiuulat. Ayon sa kamakailang datos, sa loob lamang ng isang taon ng pag-aaral, nag-ulat ang mga distrito ng paaralan sa buong bansa ng 2,700 insidente ng sekswal na pag-atake, 350 insidente ng panggagahasa o tangkang panggagahasa, at 17,000 alegasyon ng panghaharas batay sa kasarian. Hindi ito katanggap-tanggap. May mga batas ang California na nagpoprotekta sa mga estudyante at nagsisiguro ng kanilang mga karapatan kung makaranas sila ng sekswal na panghaharas, pag-atake, o pang-aabuso na may kaugnayan sa kanilang paaralan.

### May karapatan ang bawat bata sa isang ligtas at matiwasay na kapaligiran sa pag-aaral, malaya mula sa sekswal na panghaharas, pag-atake, at pang-aabuso.

Kung may sinumang mag-ulat na ang isang bata ay nakaranas ng sekswal na panghaharas, sekswal na pag-atake, o pang-aabuso na may kaugnayan sa isang pampublikong paaralan, may legal na responsibilidad ang distrito ng paaralan na:

- Patigilin ang sekswal na panghaharas, pag-atake, o pang-aabuso;
- Alisin ang anumang masamang kapaligiran para sa bata at sa iba pang mga estudyanteng naapektuhan;
- Tugunan ang pinsalang nangyari na; at
- Pigilang mangyari ang anumang karagdagang pinsala.

### May karapatan kayo at ang inyong anak na mag-ulat ng hindi angkop na pag-uugali sa sinumang empleyado ng distrito ng paaralan.

Kung may kinalaman ang reklamo sa pagpapabaya o pang-aabuso sa bata sa anumang paraan, dapat itong iulat ng distrito ng paaralan sa mga tagapagpatupad ng batas o sa child welfare. Ang sekswal na pang-aabuso ay isang uri ng pang-aabuso sa bata at kabilang dito ang paghawak sa bahagi ng ari o panloob na hita ng bata, kahit sa ibabaw ng damit.

Kung alam ng distrito ng paaralan ang tungkol sa sekswal na panghaharas, pag-atake, o pang-aabuso, dapat makipag-ugnayan agad ang distrito ng paaralan sa magulang o guardian ng bata, na may limitadong eksepsyon. Kapag nakipag-ugnayan sila sa magulang o guardian, ang distrito ng paaralan ay dapat:

- Ipaliwanag ang mga opsyon para sa pormal na reklamo sa ilalim ng pederal na batas (tinatawag ding Title IX) o batas ng estado (tinatawag ding Uniform Complaint Procedures [Iisang Pamamaraan sa Paghahain ng Reklamo] o UCP).
- Mag-alok at magbigay ng suporta na hindi nagpaparusa sa sinumang estudyante at tumutulong na mapanatiling ligtas ang mga estudyante habang isinasagawa ang imbestigasyon. Maaaring suportahan ng mga paaralan ang mga estudyante sa pamamagitan ng pagpapayo; isang kasunduang walang ugnayan sa pagitan ng mga estudyante; pagbabago ng iskedyul ng klase; at/o pagpapalawig ng itinakdang araw para sa mga pagsusulit o gawain, bukod sa iba pang aksyon.
- Kung nakasaad sa ulat na naganap ang sekswal na panghaharas, sekswal na pag-atake, o pang-aabuso, dapat itong itigil ng distrito ng paaralan at tugunan ang anumang pinsalang naranasan ng bata at ng iba pang naapektuhan.

### Dapat gumawa ng agarang aksyon ang distrito at hindi maaaring balewalain ang isang ulat ng sekswal na panghaharas, pag-atake, o pang-aabuso dahil:

- Hindi ninyo o ng inyong anak "ginamit ang tamang form."
- Hindi ninyo o ng inyong anak iniulat sa "tamang tao sa paaralan."

- Nag-ulat ang distrito ng paaralan sa pulisya o sa child welfare, at hindi gumawa ng aksyon ang pulisya o child welfare.
- Ang inyong anak ay may Individualized Education Program (Programa sa Edukasyon na Iniangkop sa Indibidwal, IEP) o 504 plan.

## May karapatan kayo at ang inyong anak na hindi gantihan.

Kung makaranas kayo o ang inyong anak ng pagganti, iulat agad ito sa distrito ng paaralan. Dapat imbestigahan at patigilin ng distrito ng paaralan ang anumang pagganti.

## Sa karamihan ng mga kaso, may karapatan kayo at ang inyong anak na pumili sa pagitan ng masusing pormal na imbestigasyon O isang di-pormal na proseso.

Pormal na Imbestigasyon

- Nakasulat at nilagdaang reklamo (puwede itong email sa ilalim ng batas ng estado)
- Nakasulat na ulat ng imbestigasyon
- Masusi at walang kinikilingang imbestigasyon
- Mga karapatan sa pag-apela
- Maaaring umabot ng hanggang 60 araw, maliban kung sumang-ayon kayo na bigyan ang distrito ng paaralan ng karagdagang panahon (sa ilalim ng batas ng estado)

Di-pormal na Proseso

- Walang pormal na imbestigasyon
- Walang nakasulat na ulat
- Dapat boluntaryo para sa lahat ng panig
- May karapatang lumipat sa pormal na imbestigasyon kung hindi epektibo ang di-pormal na proseso
- NGUNIT! Kung ang isang nasa hustong gulang na nagtatrabaho o boluntaryo sa distrito ng paaralan ang taong iniulat ninyo, hindi puwedeng resolbahin ng distrito ng paaralan ang reklamo sa di-pormal na paraan at maaaring kailanganing ipagpatuloy ang imbestigasyon.

Nagsisilbi lamang bilang pangkalahatang mapagkukunan para sa publiko ang web page na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng malawak na pangkalahatang-ideya ng batas. Hindi ito bumubuo ng legal na payo.

## Mga Karagdagang Mapagkukunan

Uniform Complaint Procedures - Mga Pamamaraan sa Paghahain ng Reklamo (Kagawaran ng Edukasyon ng CA)

Magsumite ng Reklamo sa California Office of the Attorney General, Bureau of Children's Justice (Tanggapan ng Attorney General ng California, Kawanihan ng Katarungan para sa mga Bata)

Mga Regulasyon ng Title IX ng 2020

Maghain ng Reklamo | U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.)

Pagsasanay para sa Mandatoryong Taga-ulat ng Pang-aabuso sa Bata

Together For Wellness (Sama-sama para sa Mabuting Kalagayan ng Kalusugan)

> Ikinokonekta ng Together for Wellness ang mga kabataan sa California sa suporta sa kalusugan ng pag-iisip mula sa mga taong may karanasang katulad nila—maging ito man ay tungkol sa paaralan, stress, o mas malalalim na pinagdaraanan.

Maghanap ng Tulong para sa Pang-aabuso sa Bata at Karahasan sa Tahanan | First 5 California

Office of Child Abuse Prevention (Tanggapan para sa Pag-iwas sa Pang-aabuso sa Bata, OCAP)

Coalition for the Victims of Child Abuse (Koalisyon para sa mga Biktima ng Pang-aabuso sa Bata) | CVCA

> Pambansang network ng mga propesyonal na nagsisilbi sa mga biktima ng pang-aabuso sa bata